
2

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Pagtutulungan sa Aking Komunidad




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Pagtutulungan sa Aking Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Michael L. Santos
**Editor:** Rosalie V. Feliciano
**Tagasuri:** Annalyn L. German EdD, Emmanuel V. De Mesa
Maria Eleonor D. Gavino
**Tagaguhit:** Kharlyn P. Banzon
**Tagalapat:** Mark Greg C. Binasoy
**Tagapamahala:**
Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor R. Nuesca EdD
Rolando T. Sotelo DEM
Annalyn L. German EdD
Emmanuel V. De Mesa

**Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St. D.M Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7:
## Pagtutulungan sa Aking Komunidad

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagtutulungan sa Aking Komunidad!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang

hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral**:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagtutulungan sa Aking Komunidad!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

| | |
|---|---|
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o punan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung ano ang natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaang pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sinoman sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang pagtutulungan ang nagbubuklod sa mga tao sa komunidad. Nagiging daan ito tungo sa pagkakaisa. Ang pagtutulungan ay lubhang mahalaga sa panahon ng kagipitan at kalamidad. Dapat maunawaan ng bawat kasapi ng komunidad ang kahalagahan nito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagtutulungan sa paglutas ng mga suliranin sa komunidad. (AP2PKK-IVg-j-6)
2. nakapagbibigay ng munting tulong sa mga taong higit na nangangailangan; at
3. napahahalagahan ang mga taong nagbibigay tulong lalo na ang mga **frontliners** na handang ibuwis ang buhay sa kabila ng banta ng pandemyang dala ng Covid-19.

## *Subukin*

Panuto: Isulat ang Tama kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at Mali kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Tumulong sa mga proyektong ipinatutupad ng barangay gaya ng Oplan Linis.
2. Itapon ang basura kung saan mo gusto.
3. Hayaang mabulok ang mga basurang nakakalat sa kalsada.
4. Ugaliing linisin ang kapaligiran.
5. Tumulong sa mga pamilyang naging biktima ng kalamidad.
6. Pumutol ng mga puno sa likod ng bahay.
7. Magsunog ng mga nakakalat na plastik.
8. Paghiwalayin ang nabubulok sa di-nabubulok na basura.
9. Magtanim ng mga halamang gulay sa mga lupang maaaring tamnan.
10. Magsuot ng **face mask** tuwing lalabas ng bahay para makaiwas sa Covid-19.

# Aralin 7 Pagtutulungan sa Aking Komunidad

Ano ang paborito ninyong laro ng iyong mga kaibigan? Patintero? Chinese garter? Tumbang-preso? Basketbol? Nananalo ba kayo sa mga larong ito? Sa iyong palagay, ano kaya ang sikreto ng mga nagwawaging grupo? Bakit nga ba sila nananalo?

Sa bawat laro o kompetisyon, isa lamang ang sikreto ng mga nananalong grupo, iyon ay ang pagtutulungan. Kung sama-sama ang bawat kasapi ng grupo at may pagtutulungan sa paglalaro, tiyak ang pagkapanalo.

Gayondin sa komunidad. Isang mahalagang bahagi ng komunidad ang pagtutulungan ng mga kasapi nito. Kung ang bawat kasapi ng komunidad ay magtutulungan sa pagsasagawa ng mga gawain, mas mapadadali ang mga ito.

Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging matulungin. Makikita ito sa ating mga tradisyon at kaugalian.

## *Balikan*

Panuto: Isulat ang tsek (✓) kung ang isinasaad na gawain ay nagpapakita ng pagsunod at ekis (×) kung nagpapakita ng paglabag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. Nagtapon ng basura si Michael sa tamang lalagyan.

2. Binabati ni Greg ng magandang umaga ang mga tagakolekta ng basura.
3. Madalas na nag-iingay ang mga mag-aaral.
4. Tumawid ang mga mag-aaral sa **pedestrian lane**.
5. Sinusulatan ni Kharlyn ang dingding ng paaralan.

## *Tuklasin*

### Tulung-tulong sa Komunidad

Ito ang dating komunidad ni Michael.



Marumi at magulo ang paligid. Tambak ang mga basura sa gilid ng daan at barado ang mga kanal.


Isang araw, nagkaroon ng bagyo. Mabilis ang pagbaha sa buong komunidad dahil sa mga baradong kanal at tambak na basura. Marami ang nagkasakit lalo na ang mga bata.

Pagkalipas ng bagyo, nangamba ang kapitan ng barangay sa pangyayaring ito. Nagpatawag siya ng pulong upang malunasan ang suliraning ito.

Ang lahat ng tao, babae, lalaki, bata man o matanda ay nagtulung-tulong sa paglilinis ng buong komunidad. Ang mga babae at lalaki ay nagkatuwang sa paglilinis ng kanal. Ang mga bata ay nagwalis at naghukay ng tapunan ng mga basura.

Maganda ang naging bunga ng pagkakaisa at pagtutulungan ng bawat kasapi ng komunidad. Tunay na mahalaga ang pagtutulungan upang malutas ang suliranin ng isang komunidad.

Ito na ngayon ang komunidad ni Michael.



Ang pagtutulungan ay magbubuklod sa mga tao sa komunidad. Ito ay lubhang mahalaga sa panahon ng kagipitan at kalamidad. Dapat maunawaan ng bawat kasapi ng komunidad ang kahalagahan nito tungo sa pagkakaisa.

Panuto: Sagutan ang mga tanong batay sa binasang talata na may pamagat na Tulung-tulong sa Komunidad. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang suliranin sa komunidad ni Michael?
2. Ano ang nangyari sa kanyang komunidad?
3. Ano ang dapat gawin upang matugunan ang suliranin ng komunidad?
4. Ano ang kinalabasan ng pagtutulungan ng bawat kasapi ng komunidad?
5. Mayroon din bang pagtutulungan gaya ng nasa binasang talata?

## *Suriin*

Mahalagang kaugalian ng komunidad ang pagtutulungan ng mga kasapi nito sapagkat sagot ito sa anomang suliranin sa komunidad.

Ang anomang mabigat na gawain at suliranin ay mapagagaan kung may pagtutulungan at pagkakaisa ang bawat kasapi.

Mahalaga ang pagtutulungan ng mga babae at lalaki sa pagkakabuklod-buklod ng mga tao lalo na sa panahong kailangan ang tulong ng kapwa.

Ang bayanihan ay sama-samang pagtutulungan ng mga tao upang madaling matapos ang isang mabuting gawain nang hindi humihingi ng kapalit. Ito ay ang kaugaliang natatangi ng mga Pilipino.

## *Pagyamanin*

Gawain A

Panuto: Aling gawain ang nagpapakita ng pagtutulungan sa komunidad? Piliin ang mga ito at isulat ang kaugnay na mga letra upang mabuo ang pahayag sa gawing ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| (B)<br>sama-samang paglilinis upang makaiwas sa sakit | (TU)<br>inuuna ang paglalaro kaysa paglilinis ng kapaligiran | (AY)<br>bumuhos ang tulong pinansyal para sa kapibahay na namatayan |
| (LO)<br>pinagpaliban ang pakikiisa dahil hindi nasunod ang gusto | (AN)<br>nakikiisa sa proyekto ng barangay gaya ng Gulayan sa Bakuran | (I)<br>sumusuporta sa **Clean and Green** Campaign ng ating lungsod |
| (H)<br>pagbibigay ng **juice** sa mga **frontliners** | (AN)<br>pagtatapon ng **wrapper** ng candy sa kanal | (AN)<br>nakikiisa sa proyekto ng barangay gaya ng Gulayan sa Bakuran |

Ang ___ ___ ___ ___ ___ ___ ___ ___ ___ ay nagmula sa salitang bayani. Kung ikaw ay nakikiisa sa komunidad, maituturing kang bayani.

Gawain B

Panuto: Isulat ang salitang Yehey! kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at Oops! kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.


1. Mayroon kang maitutulong sa iyong komunidad.
2. Ang alitan ay isang suliranin ng komunidad.
3. Ang pakikiisa sa pagtulong ay may mabuting maidudulot.
4. ang batang tulad mo ay hindi pa maaring tumulong sa komunidad.
5. Sa pamamagitan ng kooperasyon, napadadali ang malaking gawain.



## *Isaisip*


Panuto: Magbigay ng tig-tatlong salita na angkop sa mga larawang nakikita.

A.




1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________

B.




1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________

C.



1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________

D.



1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________

## *Isagawa*

Panuto: Basahin ang sumusunod na mga sitwasyon. Ipaliwanag ang tulong na magagawa mo.

1. Dahil sa patuloy na pagtaas ng bilang ng mga nahahawa sa Covid-19, ipinatupad ang *Enhanced Community Quarantine* sa inyong lugar. Wala silang maipambili ng pagkain dahil nawalan ng hanapbuhay ang kanilang tatay.

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________.

2. Nagsisiksikan ang mga tao sa loob ng palengke sa kabila ng mahigpit na ipinatutupad ang *social distancing* sa panahon ng pandemya.

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________.

3. May mga batang hindi nagsusuot ng facemask at walang takot na naglalaro sa kalsada kahit may banta ng Covid-19.

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________.

4. Isa ang inyong komunidad sa nasalanta ng bagyong Pablo. Nagkataon na hindi kayo naapektuhan ng baha dahil nasa mataas na lugar ang inyong bahay. Marami ang nawalan ng tahanan, walang makain at maisuot na damit.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________.

5. Nasunugan ang isa ninyong kapitbahay at walang natirang kagamitan.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________.

Rubrik

| Kraytirya | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Presenta-syon | Mahirap basahin dahil sa hindi maayos at malinis na pagkaka-sulat at hindi naipaliwa-nag ang tulong na maga-gawa sa mga sitwasyon | May kahirapang unawain ang pagkaka-sulat ng pangungu-sap at hindi hindi naipaliwa-nag ang tulong na magagawa sa mga sitwasyon | Malinis ngunit hindi maayos ang pagkaka-sulat ng lahat ng pangu-ngusap. Hindi naipaliwa-nag ang tulong na magagawa sa mga sitwasyon | Malinis at maayos ang pagkaka-sulat ng talata. Hindi naipaliwa-nag ang lahat tulong na magagawa sa mga sitwasyon | Malinis at maayos ang pagkaka-sulat ng talata at naipali-wanag ng tama ang tulong na magagawa sa mga sitwasyon. |

## *Tayahin*

Panuto: Iguhit sa papel ang masayang mukha (😊) kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pagtutulungan sa komunidad at malungkot na mukha (☹) kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

_____1. Nagtutulungan ang mga kabataan sa pagdidilig ng mga halaman sa plasa.

_____2. Madaling natapos ng mga iskawt ang pagdedekorasyon sa entablado ng plasa dahil sa pagtutulungan.

______3. Isinasara ko ang gripo pagkatapos kong maligo.

______4. Naglilinis ng kani-kanilang bakuran ang mga tao.

______5. Ang mga batang babae at lalaki ay naglilinis ng silid-aralan.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Isulat ang tsek (✓) kung ang isinasaad ng pangungusap ay nagpapakita ng pagtulong, at ekis (×) kung hindi. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Nilinis mo ang iyong kwarto matapos maglaro.
2. Umiyak ka nang hindi bilhin ng iyong ina ang gusto mong laruan.

3. Pinagtawanan mo ang nadapa mong kaklase.
4. Tinuruan mo ang iyong kaklase nang hindi niya maunawaan ang inyong aralin.
5. Ibinigay mo ang ekstra mong baon sa isang batang-lansangan.
6. Sinisira mo ang aklat ng iyong kaklase dahil siya ang laging nangunguna sa inyong klase.
7. Binabasahan mo ng aklat ang nakababata mong kapatid na hindi pa marunong magbasa.
8. Natulog ka habang ang mga kapatid mo ay tumutulong sa inyong nanay sa paglilinis ng bahay.
9. Hindi mo sinunod ang utos ng iyong ama.
10. Sumama ka sa mga nagboboluntaryo para sa "anti-dengue campaign" sa inyong komunidad.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. TAMA
2. MALI
3. MALI
4. TAMA
5. TAMA
6. MALI
7. MALI
8. TAMA
9. TAMA
10. TAMA

**Tuklasin**

1. Maraming kalat at magulo ang komunidad
2. Bumaha dahil sa bagyo.
3. Nagtulong-tulong ang mga tao upang linisin ang kapaligiran
4. Nagging maaliwalas at wala na ang mga kalat na nagdudulot ng pagbabaha sa lugar
5. Mayroon din.

**Balikan**

1. ✓
2. ✓
3. ×
4. ✓
5. ×

**Pagyamanin**

A. B A Y A N I H A N

B. 1. Yehey!
2. Oops!
3. Yehey!
4. Oops!
5. Yehey!

**Tayahin**

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☹
5. ☹

**Isaisip**

A. 1. malungkot
2. madumi
3. walang sigla

B. 1. masaya
2. malinis
3. masigla

C. 1. malinis
2. maraming naliligo
3. masaya

D. 1. marumi
2. walang naliligo
3. malungkot

**Karagdagang gawain**

1. ✓
2. ×
3. ×
4. ✓
5. ✓
6. ×
7. ✓
8. ×
9. ×
10. ✓

# *Sanggunian*

Cruz, Gloria M. et.al. 2013. *Araling Panlipunan 2 Kagamitan ng Mag-Aaral.* Vibal Publishing House, Inc.

Gomez, Ma. Arsenia C., and Clamor-Canlas, Ma. Louren. 2015. *Tuklas Lahi Serye sa Araling Panlipunan 2: Edisyong K-12.* Bonanza Plaza 2, Block 1, Lot 6, Hilltop Subdiv. Greater Lagro, Novaliches, Quezon City, Philippines. Brilliant Creations Publishing, Inc.

Laggui, Charito N., and dela Cruz, Ninia H. 2015. *Araling Panlipunan 2 Pagsusuri: Edisyong 2015, Mapanuring implementasyon ng K to 12.* Ibon Center, 114 Timog Avenue, Quezon City, Philippines. IBON Foundation, Inc.

Nem-Varon, Diana.2020. *Kamalayang Panlipunan 2: Ang Aking Komunidad, Noon at Ngayon.* Abiva Bldg., 851 G. Araneta Ave., 1113 Quezon City, Philippines. ABIVA Publishing House, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph